# Cavite Weekly Chronicle

chroniclecavite@yahoo.com/chroniclecavite@gmail.com/caviteweeklychronicle@yahoo.com

VOLUME XV NO. 30 MAY 27-JUNE 2, 2020 P10.00 PER COPY



Manila Bayanihan Para sa KALINISAN

SAVE MANILA BAY





Sumailalim sa Rapid Test ang ilan sa mga frontliners ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor. Ito ay isa sa mga inisyatibo ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor upang masiguro ang kaligtasan ng ating mga frontliners kasama na rin ang kanilang mga binibigyan ng serbisyong pampubliko. Magpapatuloy ito araw-araw hanggang sa lahat ng mga frontliners ay makuhanan ng test.

## City Government of Bacoor





Patuloy ang pagpunta ng mga locally stranded individuals sa Pamahalaang Lungsod ng Bacoor upang maayos na ang kanilang mga dokumento, at makauwi sila sa lalong madaling panahon. Masigasig na inaalalayan sila ng mga kawani mula sa Bacoor Tourism Office. Nawa'y makauwi na ang lahat ng ating mga kababayang nawalay sa kanilang mga pamilya.




Pinangunahan ni Bacoor Chief of Police LtCol Vicente Cabatingan ang isang pagpupulong ukol sa preemptive security measures bilang paghahanda sa pagpalit ng GCQ status ng lungsod. Sabay dito ay napag-usapan din ang iba't ibang mga crime prevention measures na kailangang patuloy na ipatupad. Kasama sa pagpupulong si Barangay Councilor Josie Criste ng Molino 3, mga pamunuo ng BHOACI at FOSCHAI, at mga security agencies.

# Cavite prepares for post-COVID 'New Normal' world



Governor Jonvic Remulla

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- Cavite Governor Jonvic Remulla expressed his concerns on how classes could safely resume, how the province's economy could fully recover and how could the corona virus be eradicated and somehow bring normalcy to the province.

Two measures were seen as immediate solutions to the first two concerns: targeted testing, and investment in a post-Covid world.

The governor emphasized the importance of testing everone but not possible thus, the provincial government focused on targeted testing beginning with the frontliners who were tested this week.

Cont.on PAGE3

# Two barangays in Tagaytay city placed under Lockdown



Mayor Agnes Tolentino

**TAGAYTAY CITY, Cavite (PIA) -- The city government here placed Barangays Calabuso and Mag-asawang Ilat under lockdown after reports of confirmed cases from these areas.**

**This came about after a company in the city reported that eight of its employees tested positive after conducting Rapid Diagnostic Testing (RDT) for their employees. The company not only employs residents in the city but also from nearby provinces of Laguna and Batangas.**

**Three of the eight positive cases are residents of the city and one of the relatives of said employees also tested positive, thereby giving a total of four Probable cases pending the taking of swab samples for the Real Time-Polymerase Chain Reaction (RT-PCR) for confirmation of results. They were immediately isolated in the**

Cont.on PAGE3

# Landbank goes social media banking

**By Jimmyley E. Guzman**

Stay at home and stay connected as the Land Bank of the Philippines (LBP) now also serve via social media.

According to Landbank, bank clients can send a

Cont.on PAGE3

Cavite Weekly Chronicle

Office Add.: Purok 8, Brgy. San Agustin, Trece Martires City, Cavite
Editorial Office: 137 Peter St., Viña Village, Imus City Cavite
Tel. No. (046) 970-6105* (046) 571-6020
email address: chroniclecavite@yahoo.com *chroniclecavite@gmail.com

EDITORIAL BOARD

| | |
|---|---|
| Publisher | Emma R. Apanay |
| Associate Publisher | Keith Adrian R. Apanay |
| Editor in Chief | Kurt Ryan R. Apanay |
| Sales Manager | Froilan A. Ramos |
| Marketing Manager | Cynthia N. Araullo |
| Lay Out Artist | Karen R. Apanay |
| Legal Counsel | Atty. Evelyn R. Dominguez |

Member: CAPEI CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

NOTE : All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

**All rights reserved**. No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and it's writers/columnist.

Published Weekly by:
Cavite Weekly Chronicle
Publishing and Printing

## ADVERTISING RATES

| | |
|---|---|
| Legal Notices | P160.00 per col.cm |
| Commercial/Ads | P190.00 per col.cm |

### SUBSCRIPTION RATES

*6 months - P 260.00 * 1 year - P 500.00

For your advertising and printing needs, please visit, call or email us at

Cavite Weekly Chronicle

Office Add.: Purok 8, Brgy. San Agustin, Trece Martires City, Cavite
Editorial Office: 137 Peter St., Viña Village, Imus City Cavite
Tel. No. (046) 970-6105* (046) 571-6020
email address: chroniclecavite@yahoo.com *chroniclecavite@gmail.com

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE**

Notice is hereby given that the estate left by the deceased NELIA L. PANGANIBAN, consisting of a parcel of land covered by TCT No. T-1132067, situated at BRGY. MANGGAHAN-BIKLATAN, GEN. TRIAS, CAVITE, has been the subject of an Extra-Judicial Settlement with Sale by and among the heirs of the deceased as per Doc. No. 27, Page No. 6, Book No. II, Series of 2020 of Notary Public Atty. Sweetleen R. Bercasio.

Sgd. By all the heir

**CWC: May 27, June 3 & 10, 2020**

## City Government of Dasmariñas

CITY OF DASMARIÑAS PROVINCE OF CAVITE

**CONGRATULATIONS SA MGA FRONTLINERS NG PAGAMUTAN NG DASMARIÑAS LALO SA MGA NAKA-ASSIGN SA COVID-19 AREA!**

**NAKALABAS NA ANG IKALAWANG COVID-19 RECOVERED PATIENT NG PAGAMUTAN NG DASMARIÑAS NOONG LUNES, IKA-18 NG MAYO 2020.**

**ANG 27-ANYOS NA PASYENTENG SI JOUMARK OCBA MORENO AY NA-ADMIT NOONG IKA-17 NG ABRIL DAHIL SA SEVERE PNEUMONIA NGUNIT KALAUNAN AY NAKOMPIRMANG COVID-19 POSITIVE MATAPOS SUMAILALIM SA SWAB TESTING. PINANINIWALAANG NAHAWA ANG PASYENTE NANG MAOSPITAL ITO SA PHILIPPINE GENERAL HOSPITAL (PGH) NOONG IKA-7 NG MARSO.**

**MATAPOS ANG ISANG BUWANG GAMUTAN, BUMUTI ANG LAGAY NI PATIENT NO. 23 AT NAGNEGATIBO NA SA DALAWANG SWAB TEST NOONG IKA-2 AT IKA-15 NG MAYO. LUBOS ANG PASASALAMAT NI MORENO SA LAHAT MGA DOKTOR AT NARS NA NAG-ALAGA SA KANYA.**

**BAON NI MORENO SA KANYANG PAG-UWI ANG MGA NGITI AT PAGBATI NG LAHAT NG STAFF NG PAGAMUTAN NG DASMARIÑAS NA IPINAGBUBUNYI ANG KANYANG PAGGALING.**

#OneDasmaAgainstCovid19

LUNGSOD NG IMUS CITY GOVERNMENT OF IMUS

# Molecular laboratory (covid-19 testing facility) meron na

Sa pagtatayo ng ating sariling Molecular Laboratory (Covid-19 Testing Facility), panibagong pag-asa ang ating maihahatid sa ating mga kababayang Imuseño.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ang tagumpay ng akreditasyon nito upang maparami pa natin ang bilang ng mga natetest sa bawat araw.

Ipinaaabot din natin ang lubos na pasasalamat sa mga tao at ahensya na naging instrumento upang maisakatuparan ito.

Naniniwala tayo na sa sama-samang pagkilos at pagtutulungan ng lahat, ang krisis na ito ay ating malalagpasan at mapagtatagumpayan.

# DILG sa mga LGUs: Huwag pagbayarin ng mahal ang mga LSIs para sa medical certificate na kailangan para sa travel authority

Nakikiusap ang Department of the Interior and Local Government (DILG) sa mga local government units (LGUs) na huwag singilin ng mahal ang mga locally stranded individuals (LSIs) para sa medical certificates na kailangan nila upang makabalik sa kanilang mga probinsya.

Ayon kay DILG Secretary Eduardo M. Año, nakatanggap sila ng mga ulat na may ilang LGUs na naniningil ng P3,000 kapalit ng medical certificate. Sabi pa niya na ang mga nasabing ulat ay iniimbestigahan na, at binigyang-diin pa nito na kung ang natanggap na impormasyon ay totoo, "ito ay sadyang hindi makatarungan sa mga stranded na indibidwal na gusto lamang umuwi sa kanilang mga probinsya."

"Huwag na po nating singilin pa ng pagkamahal-mahal ang ating mga kababayan na gusto lamang makauwi sa kanilang mga probinsiya. Kung puwede ngang libre na lang dahil wala namang lab tests na gagawin. Huwag na natin silang pahirapan as they have suffered enough kaya nga nila hinahangad na makauwi na," sabi nito.

Sinabi niya na ang DILG ay nakikiusap sa lahat ng mayors na suriin ang kanilang schedule of fees sa panahon ng COVID at singilin lamang ng kaunting bayad bilang serbisyong pampubliko.

"Gusto nang umuwi ng mga LSI dahil wala na nga po silang pantustos sa pang-araw-araw dahil sila nga po ay stranded. Kung stranded na nga po sila tapos hihingan pa po natin sila ng napakalaking halaga ay parang wala naman po tayong malasakit," paliwanag ni Año.

Sinabi niya na ang mga LSIs ay kailangan lamang kumuha ng medical certificate at travel authority upang makabalik sa kanilang mga probinsya. Sinabi din niya na ang mga medical certificate ay kailangang i-request sa health office ng LGU, binigyang-diin pa nito na hindi kailangang sumailalim

Cont.on PAGE3

## ATICalabarzon

BY: Janine L. Cailo

# NSIC RC 218 Inbred seeds successfully distributed to Cavinti farmers for 2020 Wet Season Rice Production



Under the Department of Agriculture's Rice Competitiveness Enhancement Program (RCEP) and Rice Resiliency Program (RRP), PhilRice has provided for the high-quality inbred seeds requirement of local farmers, ensuring good production of rice that will translate to food security.

The Office of the Municipal Agriculturist of Cavinti, through the assistance of the Sangguniang Barangays, had successfully distributed 863 bags of inbred seeds to 592 local famers of 19 barangays amidst COVID-19 pandemic.

We would like to thank DA RFO IV-A, PhilRice, APCO-Laguna and OPAg for bringing this program to Cavinti farmers.

We also like to thank all 19 Sangguniang Barangays, BAFCs and Mayor MO Milbert Oliveros for their efforts and support throughout the program implementation.

## City Government of Tagaytay

Nitong nakaraang LINGGO, nagsagawa ang isang kumpanya sa Lungsod ng Tagaytay ng Rapid Diagnostic Testing (RDT) para sa kanilang mga empleyado. Napag alaman mula dito na walo sa kanilang empleyado ay nagpositibo sa naturang test. Ang kumpanyang ito ay hindi lamang pinagtatrabahuhan ng mga Taga-Tagaytay kundi mga residente din ng Laguna at Batangas. Tatlo sa mga nagpositibo sa RDT test ay residente ng ating Lungsod. Agaran na nating silang ini-isolate sa ating Quarantine Facility para sa kaukulang monitoring. Sa isinagawang contact tracing ng City Health Office, Isa sa kamag anak ng nabanggit na empleyado ay nag positibo din sa RDT Test. Sa kasalukuyan, ang Apat na indibidwal na ito ay matatawag nating Probable Cases at isasailalim sa Swab Test (RT-PCR Test) para sa kumpirmasyon.

Sa pangyayaring ito, Aking ipinag-uutos na isailalalim sa pansamantalang Lockdown ang mga Barangay ng Calabuso at Mag-asawang Ilat hanggang hindi natatapos, natutukoy at naisasailalim sa testing ang mga nakasalamuha ng probable cases. Aking hinihingi ang pang-unawa at kooperasyon ng lahat ng mga mamamayan ng Calabuso at Mag-asawang Ilat. Tanging kaligtasan ninyo lamang ang aming iniingatan.

Para sa lahat ng mamamayan ng Tagaytay. Bagama't nasa General Community Quarantine na ang ating Lungsod, aming patuloy na pinapakiusap na manatili lamang sa loob ng inyong tahanan at lumabas lamang kung mamimili ng inyong pangunahing pangangailangan. Para sa mga kababayan nating nagtratrabaho gayundin sa kanilang mga employer, Aming hinihikayat na kung maaari manatili na lamang pansamamantala sa inyong pinagtratrabahuhan. Ito ay para narin sa kaligtasan ng pamayanan lalung-lalo na ng inyong pamilyang inuuwian.

Kaagapay natin ang mga Kapulisan na walang sawa at pagod na nagbabantay sa ating mga quarantine checkpoints at Opisina ng Kalusugan na patuloy ang pagmomonitor ng estado ng COVID-19 status ng ating Lungsod. Tayo ay magtulungan upang mapanatili nating ligtas ang ating pamayanan laban sa COVID-19.

Aming pinapanalangin ang kaligtasan ng bawat isa. Gabayan nawa tayong lahat ng Panginoon.

Mayor Agnes D. Tolentino
City Mayor




# DILG sa mga LGUs...P2

ang LSI sa COVID-19 rapid test o PCR, kung wala naman itong simtomas o kung hindi ito PUM/PUI.

"Itong medical certificate ay nagsasaad lamang na hindi kayo contact, suspect, o probable o confirmed COVID-19 case, at sumailalim ng 14-day quarantine base sa mga protokol ng Department of Health," aniya.

Pagkatapos makakuha ng medical certificate, ang mga LSI ay maaari nang mag-apply para sa travel authority sa help desk ng kanilang lokal na police station.

Samantala, sinabi ni DILG Undersecretary at Spokesperson Jonathan E. Malaya na habang ipinapatupad ng pambansang pamahalaan ang programang 'Balik Probinsya, Bagong Pag-asa,' prayoridad ang maayos na pagbiyahe at pagbabalik ng mga LSI.

Ayon sa National Housing Authority, hindi bababa sa isang milyong residente ng Metro Manila ang inaasahang makikilahok sa programang Balik Probinsya, Bagong Pag-asa kung saan mahigit 33,000 LSIs na ang nagparehistro.

"Inaasahan ng pamahalaan na milyun-milyong mga Pilipino ang makikinabang sa programang ito kaya inaasahan po namin ang tulong ng lahat ng mga LGUs," sabi ni Malaya.

Para sa mga indibidwal na interesadong magpalista sa nasabing programa, maaaring gawin ito sa www.balikprobinsya.ph

Samantala, hinimok din niya ang mga nagbayad ng sobrang mahal para sa kanilang medical certificate na i-report ito sa DILG at Philippine National Police (PNP) hotlines. "Kung mayroon pong reports na ganito, ipaalam po ninyo agad sa amin sa DILG at PNP para tawagan namin ang atensyon ng LGU."

Dagdag pa niya, ang mga tanong ukol sa travel authority ay maaaring matugunan ng Joint Task Force COVID Shield na pinamumunuan ni P/General Guillermo Eleazar. "At para naman po doon sa may mga katanungan tungkol sa travel authority na ang mag-iissue ay ang Joint Task Force COVID Shield, mayroon pong mga hotline na 09988940013 at 09175382495."

# Landbank...p1

message to any of Landbank's social media platforms and bank representatives will assist to their banking needs.

Messages can be sent via email at CUSTOMERCARE@mail.landbank.com or follow their social media accounts: Facebook and Instagram @landbankofficial and Twitter @LBP_Official. (LBP/PIA-NCR)

# Cavite prepares for post-COVID...p1

As previously stated, succession for the targeted testing after the frontliners/healthworkers are the police personnel then followed by factory workers, some senior citizens, then public school teachers, and the students that should be tested before the school year starts on August 24, 2020.

Governor Jonvic reported the current testing capacity of the De La Salle Medical Health Sciences Institute (DLSM-HSI) laboratory is about 300 tests a day but with the new laboratory, about 8,000 tests could be accommodated daily by next week.

"This will somehow speed up the completion of the targeted testing in the province, but then again the mass testing is not feasible," the Gov. said.

Delving on the issue on securing the confidence of the parents for the safety of their children during the resumption of classes, the governor thought of investments to be made to ensure the children's safety and the continuation of their education.

He saw the need to set up hand washing facilities in every school. The barangay basketball covered courts will be used as alternative remote learning centers due to imminent shortage of classrooms to allow social distancing in school, and investment for free WIFI with estimated cost of Php1B with about 15, 000 computers to be installed in the province.

Also, targeted testing for the teachers and students will not be a onetime activity but should be year round to ensure their continued health and safety and control the possible infection in the school premises.

Likewise, part of the safety protocols would be the provision of mass transportation for the students to minimize the risk of exposure to the corona virus and to any other accidents.

Governor Remulla said, "We will continue to talk to the mayors and congressmen about these concerns. Rest assured, we will continue to look for solutions to these problems." (Ruel Francisco,

Cavite Weekly Chronicle

VOLUME XV NO. 50 MAY 27-JUNE 2, 2020 P10.00 PER COPY

MEMBER:

PAPER.Ph Est 2019

The Philippine Media Organization

# DTI BARES UP TO P500,000 SMALL BUSINESS FINANCING, AT LOW INTEREST RATES IN NCR




Department of Trade and Industry (DTI) Secretary Ramon Lopez said micro and small businesses in Metro Manila can borrow up to P200,000 or up to P500,000 at low interest rates once the region transitions to more relaxed general community quarantine (GCQ) on June 1.

During the Laging Handa briefing powered by the Presidential Communications and affiliate state media, Lopez said the Small Business Corporation, an attached agency of the DTI, will be extending assistance to small and micro businesses to help whether the impacts of the lockdown.

"Makakahiram po ang micro entrepreneurs from P10,000 to P200,000 and from P10,000 to P500,000 for small-sized enterprises," the DTI chief said as government allotted funds to assist small and micro businesses that are unable to operate because of the health emergency crisis.

Cont.on PAGE3

# GOV. REMULLA LIFTS LIQUOR BAN IN CAVITE EFFECTIVE JUNE 1



Governor Jonvic Remulla

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite(PIA) -- Cavite Governor Jonvic Remulla finally decided on the lifting of the Liquor Ban in the province effective June 1, 2020.**

**The announcement was made with the implementing guidelines for the sale and purchase of all intoxicating liquids as stated.**

**Only Quarantne passholders are allowed to purchase liquor within the time frame of 1pm - 4pm daily and with limited quantity according to liquor classification.**

**The Q-passholder could purchase any one of the following per day: one (1) liter of hard drinks (18 proof and above) including but not limited to Emperador, Alfonso, Ginebra, and any other 'hard drinks'; two (2) liters of drinks (12 - 17 proof) that include wines, shoktong, and other champagne; a total of two (2) liters of drinks (1 - 11 proof) like beers (Red Horse, San Mig Lights, Corona, etc.) and others (6 - 330ml bottles/cans or 4 - 500ml bottles/cans).**

**Likewise, drinking outside the house or in plain sight of authority is still not allowed, that may also include persons found to be intoxicated along main roads and streets that would be reason enough for arrest and being charged according to the law.**

Cont.on PAGE3






**Patuloy po ang pagbibigay ng tulong ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias sa mamamayan. Kanina po ay nagsimula nang mamahagi muli ng relief goods sa Barangay San Francisco.**

**(Photos Courtesy of the Office of the City Mayor and Office of the City Vice-Mayor)**